# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: mai DATE: 10/3/23 TIME: ____ STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 03 OCT 2023

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 360-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 19-T2023 NG BARANGAY DUHAT NA HUMIHILING NA ANG PONDO NA NAGMULA SA CALAMITY FUND PARA SA PAGBILI NG RESCUE VEHICLE NA NAGKAKAHALAGA NG P200,000.00 AY MAILIWAT PARA SA PAGBILI NG MOTORSIKLO PARA SA TRIBIKE AT PAGPAPAPAGAWA NG SIDE CAR NA NAGKAKAHALAGA NG P75,000.00 AT PARA SA DECLOGGING NG OPEN CANAL NA NAGKAKAHALAGA NG P125,000.00 PARA SA TAONG 2023.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Duhat na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 19-T2023 na humihiling na ang pondo na nagmula Sa Calamity Fund para sa Pagbili ng Rescue Vehicle na nagkakahalaga ng P200,000.00 ay mailiwat para sa pagbili ng motorsiklo para sa Tribike at pagpapapagawa ng Side Car na nagkakahalaga ng P75,000.00 at para sa Declogging ng Open Canal na nagkakahalaga ng P125,000.00 para sa taong 202t3;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 19-T2023 na humihiling na ang pondo na nagmula Sa Calamity Fund para sa Pagbili ng Rescue Vehicle na nagkakahalaga ng P200,000.00 ay mailiwat para sa pagbili ng motorsiklo para sa Tribike at pagpapapagawa ng Side Car na nagkakahalaga ng P75,000.00 at para sa Declogging ng Open Canal na nagkakahalaga ng P125,000.00 para sa taong 2033.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 10/2/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

0928233 47